



ANG PAGESUNOD SA TAWAG NG DIYOS

Tayo ay nagdiriwang ng Ikalabintatlong Linggo sa Karaniwang Panahon. Nakatuon ang pahatid ng Linggong ito sa pagsunod sa tawag ng Diyos. Ang tawag na ito ng Diyos ay tungkol sa pangangaral ng Kanyang salita bilang propeta at sa pagtatatag ng Paghahari ng Diyos. Ang pagdadala ng pahatid ng Diyos ay nangangailangan ng buong-puso at buong-buhay na pagtalima. Dapat ding alisin ang anumang balakid sa pagtupad sa tawag ng Diyos dahil hindi maaaring ipagpaliban ang pangangaral ng Paghahari ng Diyos. Ang kahalagahan nito ay ganoon na lamang na kahit ang sariling kapakanan o ang pagmamahal sa mag-anak ay hindi maaaring magpatagal sa pagsasagawa ng nais ng Diyos. Maging bukas sana ang ating mga loob sa pakikinig at sa pagtalima sa tawag ng Poong Maykapal.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Lahat ng mga nilikha, pumalakpak nang may tuwa sa Amang D'yos na Maygawa, purihin s'ya sa salita pagkat siya ang Lumikha.

Pagbati

P—Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristong tumatawag sa ating maging kanyang mga alagad, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

B—At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P—Tayo ay tinatawag ng Diyos sa isang buhay ng pagsunod sa Kanyang tawag at pagtalima sa Kanyang kalooban. Para sa ating pagbibingi-bingihan sa Kanyang tawag, humingi tayo ng tawad sa Kaniya. (*Manahimik sandali.*)

P—Para sa aming nanghihinang pananampalataya na kami ay iyong tinawag na maging

iyong mga alagad, Panginoon, kaawaan mo kami!

B—Panginoon, kaawaan mo kami!

P—Para sa aming nayayanig na pag-asa sa lakas na iyong ibinibigay sa iyong mga alagad, Kristo, kaawaan mo kami!

B—Kristo, kaawaan mo kami!

P—Para sa aming nanlalamig na pag-ibig na nagiging dahilan ng aming kawalan ng gana para ipangaral ang iyong Magandang Balita, Panginoon, kaawaan mo kami!

B—Panginoon, kaawaan mo kami!

P—Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at dalhin tayo sa buhay na walang hanggan.

B—Amen!

Papuri

B—Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong

angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sa-pagkat ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalangin Pambungad

P—Ama naming makapangyarihan, kaming iyong mga kinupkop ay niloob mong maging mga anak sa liwanag mong kaloob. Huwag mong ipahintulot na sa katiwalian kami ay masangkot. Panatilihin mo kaming nagliliwanag sa iyong katapatang lubos na sumisikat sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!

**PAGPAPAHAYAG NG
SALITA NG DIYOS**



Unang Pagbasa *1 Ha 19:16.
19-21*

Ang pagtawag kay Eliseo ay kakikitaan ng matibay na pagpapasiya. Sa kanyang pagsunod sa tawag ng Diyos ay tiniyak niyang wala na siyang babalikan. Niluto niya ang mga toro at ipinangangatong ang mga pamatok at araro upang iwanan na ang pagsasaka at maging alagad ni Propeta Elias.

L—Pagpapahayag mula sa Unang Aklat ng mga Hari

Noong mga araw na iyon, sinabi ng Panginoon kay Elias: “Pahiran mo ng langis si Eliseo na anak ni Safat na taga-Abel-mehola, bilang propetang hahalili sa iyo.”

Umalis si Elias at natagpuan niya si Eliseo na nag-aararo. Labindalawang pares ng toro ang ginagamit niya, at kaagapay siya ng huling pares. Pagdaan ni Elias sa tapat ni Eliseo, isinuklob niya rito ang kanyang balabal.

Pagdaka’y iniwan ni Eliseo ang mga toro, humabol kay Elias at nakiusap: “Magpapaalam po muna ako sa aking ama’t ina, at pagkatapos ay sasama na ako sa inyo.” Sumagot si Elias: “Sige, umuwi ka muna.”

Umuwi nga si Eliseo. Nagpatay siya ng isang pares na toro at iniluto. Ginamit niyang panggatong ang mga pamatok at mga araro. Ipinakain niya ito sa mga tao, at sumunod kay Elias at naging katulong nito.

Ang Salita ng Diyos!
B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 15*
B—*D’yos ko, aking kapalara’y manahin ang iyong buhay!*

R. M. Velez

The image shows two staves of musical notation in 4/4 time. The first staff has a treble clef and a key signature of one sharp (F#). The melody is written with quarter and eighth notes. Chords G, D, Em, and Em/D are indicated above the staff. The lyrics 'D'yos ko, a-king ka-pa-la--ra'y ma-' are written below the first staff. The second staff continues the melody with a treble clef and a key signature of one sharp. Chords D and G are indicated above the staff. The lyrics 'na--hin ang i--yong bu-----hay!' are written below the second staff.

* O Diyos, ako’y ingatan mo, ingatan ang iyong lingkod, ang hangad ko ay maligtas kaya sa ‘yo dumudulog. “Ika’y aking Panginoon,” ang wika ko sa aking Diyos. “Kabutihang tinanggap ko ay ikaw ang nagkaloob.” Ikaw

lamang, O Poon ko, ang lahat sa aking buhay, ako’y iyong tinutugon sa lahat kong kailangan. **B.**

* Pinupuri ko ang Poon na sa akin ay patnubay. Kahit gabi diwa niya ang sa aki’y umaakay. Nababatid ko na siya’y kasama ko oras-oras. Sa piling n’ya kailanma’y hindi ako matitinag. **B.**

* Kaya’t ako’y nagdiriwang, ang diwa ko’y nagagalak. Ang lagi kong nadarama’y hindi ako matitinag. Pagkat di mo tutulutang ang mahal mo ay malagak, sa balon ng mga patay upang doon ay maagnas. **B.**

* Ituturo mo ang landas na buhay ang hahantungan, sa piling mo’y madarama ang lubos na kagalakan; ang tulong mo’y nagdudulot ng ligayang walang hanggan. **B.**

Ikalawang Pagbasa *Ga 5:1.
13-18*

Ang Kristiyano ay pinalaya ng Panginoon. Kailangan niyang pangalagaan ang kalayaang ito. Dapat siyang mamuhay sa Espiritu at tuparing masigasig ang batas ng pag-ibig sa kapwa gaya ng sarili.

L—Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Galacia

Mga kapatid: Pinalaya tayo ni Kristo upang manatiling malaya. Magpakatatag nga kayo, at huwag nang paaalipin uli!

Mga kapatid, tinawag kayo upang maging malaya. Ngunit huwag nin-yong gamitin ang inyong kalayaan upang masunod ang pita ng laman, kundi maglingkod kayo sa isa’t isa dahil sa pag-ibig. Sapagkat ang buong Kautusan ay nauuwi sa isang pangungusap, “Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili.” Ngunit kung kayu-kayo’y magkakagatan at magsasakmalang parang mga hayop, mauubos kayo.

Ito ang sinasabi ko sa inyo: ang Espiritu ang gawin ninyong patnubay sa inyong buhay at huwag ninyong susundin ang pita ng laman. Sapagkat ang mga pita ng laman ay laban sa mga ninanasa ng Espiritu, at ang mga ninanasa ng Espiritu ay laban sa mga pita ng laman. Magkalaban ang dalawang ito, kaya hindi ninyo magawa ang ibig ninyong gawin. Kung kayo’y pinapatnubayan ng Espiritu, wala na kayo sa ilalim ng Kautusan.

Ang Salita ng Diyos!
B—Salamat sa Diyos!

Aleluya *1 Sam 3:9; Jn 6:68k*

B—Aleluya! Aleluya!

Poon, ikaw ay mangusap at susunod ako agad. Wika mo’y buhay ng lahat.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Lu 9:51-62*

Sa ating Ebanghelyo ay mababasang ang pagsunod sa tawag ng Diyos ay hindi maaaring ipagpaliban. Ang Paghahari ng Diyos ay nagmamadaling maitatag. Walang anumang dahilan ang makahaharang sa pagpapalaganap nito.

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas
B—Papuri sa iyo, Panginoon!

Nang nalalapit na ang panahong iaakyat si Hesus sa langit, ipinasiya niyang pumunta sa Jerusalem.

Sinugo niya ang ilan upang mauna sa kanya. Humayo sila at pumasok sa isang nayon sa Samaria upang ipaghanda siya ng matutuluyan. Ngunit ayaw siyang tanggapin ng mga Samaritano sapagkat siya’y patungo sa Jerusalem. Nang makita ito nina Santiago at Juan ay kanilang sinabi, “Panginoon, payag ba kayong magpababa kami ng apoy mula sa langit upang pugnawin sila?” Ngunit bumaling siya at pinagsabihan sila. “Hindi ninyo alam kung anong uri ng espiritu ang sumasainyo,” sabi niya, “sapagkat naparito ang Anak ng Tao, hindi upang ipahamak ang mga tao kundi upang iligtas sila.” At nagtungo sila sa ibang nayon.

Samantalang naglalakad sila, may taong nagsabi kay Hesus, “Susunod po ako sa inyo kahit saan.” Sumagot si Hesus, “May lungga ang asong-gubat at may pugad ang ibon, ngunit ang Anak ng Tao’y wala man lamang matuluyan o mapagpahingahan.”

Sinabi ni Hesus sa isa, “Sumunod ka sa akin.” Ngunit sumagot ang tao, “Panginoon, hayaan po muna ninyo akong umuwi upang ipalibing ang aking ama.” Sinabi ni Hesus sa kanya, “Ipaubaya mo na sa mga patay ang paglilibing ng kanilang mga patay. Ngunit ikaw, humayo ka at ipahayag mo ang tungkol sa paghahari ng Diyos.” Sinabi naman ng isa, “Susunod po ako sa inyo, Panginoon, ngunit magpapaalam muna ako sa aking mga kasambahay.” Sinabi sa kanya ni Hesus, “Ang sinumang nag-aararo at palaging lumilingon

ay hindi karapat-dapat sa paghahari ng Diyos.”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inililing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P—Hingin natin sa Diyos na dinggin natin ang Kanyang tawag na maging mga alagad ng Kanyang Paghahari. Ang ating sasambitin ay:

B—Amang tumatawag sa amin, dinggin Mo ang iyong mga anak!

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang buong sigasig nilang tupdin ang tawag ng Diyos na pangalagaan ang Kanyang bayan, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa lahat ng mga kabataan ng ating bayan, upang sa taong ito ng mga kabataan ay marinig nila nang malinaw ang tawag ng Diyos sa paglilingkod sa kanilang kapwa kabataan, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa ating mga bagong-halal na pinuno ng ating bansa, upang maunawaan nilang ang pagiging lingkod-bayan ay tawag ng Di-

yos sa pagbuo ng isang lipunang may katarungan, pag-unlad, at pagmamahal, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa mga taong nalilito sa dapat nilang gawin sa buhay, upang lumiwanag ang kanilang isip at lumakas ang kanilang loob sa pagtupad sa balak ng Diyos sa kanilang buhay, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa masayang pagdiriwang na ito, upang magawa natin nang buong sigasig ang ating mga tungkulin sa ating parokya at sa buong Bayan ng Diyos, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. (*Tumigil sandali.*)

Manalangin tayo!

B.

P—Ama naming nagtatakda ng dapat naming gawin sa buhay, isugo Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang tulungan kaming malinawan ang Iyong kalooban at maging masigasig sa pagkakalat ng Magandang Balitang ipinahayag ng Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon.

B—Amen!



P—Manalangin kayo . . .

B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, kami’y iyong pinapagindapat gumana sa pagdiriwang ng paghahain ng iyong pagliligtas. Ipagkaloob mong ang aming paglilingkod sa iyo ay gawing kalugud-lugod ng mga alay na ito sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!

Prepasyo VII

P—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw

ay aming pasalamatan.

Kahit na ikaw ay pinagtaksilan ng sangkatauhan, ikaw ay patuloy pa rin sa iyong pagmamahal. Ikaw na ang nagpuno sa aming pagkukulang; ikaw pa rin ang nagsugo ng tutubos sa tanan. Ang sugo mong Anak ay naging di na iba sa amin bagama’t di niya tinularan ang aming pagkamasuwayin. Ni-loob mo ito upang iyong mamalas sa aming pagkatao ang giliw mong Anak at kami’y tunguhan mong may pag-ibig na tulad ng pagtatangi mo sa kanya nang higit sa lahat.

Ang katapatan niya sa iyong walang maliw ay nagpanumbalik na muli sa amin ng iyong kasiyaha’t ng iyong pagtingin na aming iwinaksi noong ikaw ay aming suwayin.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B—Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B—Si Kristo ay gunitaing sarili ay inihain bilang pagkai’t inuming pinagsasaluhan natin hanggang sa siya’y dumating.



B—Ama namin . . .

P—Hinihiling namin . . .

B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B—Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinabang

P—Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Kaluluwang aking taglay, Poon ay’yong papurihan. Tanang aking

kakayahan, purihin mo kailanman ngalan ng Poong Maykapal.

Panalangin Pagkapakinabang

P– Ama naming mapagmahal, buhayin nawa kami ng aming inihain at pinagsaluhan upang kaming pinagbuklod sa pag-ibig mo kailanman ay magkaroon ng

bungang lagi naming maiaalay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!



P–Sumainyo ang Panginoon.

B–At sumaiyo rin!

P–Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B– Amen!

P–Humayo kayo at paglingkuran nang tapat ang Panginoon.

B–Salamat sa Diyos!

Munting Katesismo sa Taon ng mga Kabataan

(P. René T. Lagaya, SDB)

PAANO SUMUNOD KAY KRISTO

Panimula: Ang pagpili ng dapat gawin sa buhay ay napakahirap, lalo sa mga kabataan. Ngayon nga, ang mga nagtatapos ng *Grade 10* ay kailangan nang mamili ng *tract* para sa *Senior High School*. Ang iba sa kanila ay nagsisisi pagtung-tong sa dalubhasaan o sa paman-tasan dahil hindi angkop ang *tract* na kanilang napili.

Pagpapalalim: Ang ating hinaharap ay dapat tingnan mula sa pananaw ng Diyos. Siya ang lumikha sa atin. Siya ang nagtakda ng dapat nating gawin sa buhay. Ang pagtalima sa Kanyang kalooban ang siyang magdudulot sa atin ng kaligayahan, kapayapaan, at kaganapan.

Pagbasa: Lucas 9:57-62

Buod: Hindi madaling maunawaan ang kalooban ng Diyos para sa ating buhay. Ang una nating dapat gawin ay tingnan kung nasa atin ang mga sumusunod: (1) **paghahangad na gawin ang kalooban ng Diyos;** (2) **pagiging bukas ang loob sa Diyos;** (3) **pagkakilala sa Diyos.** Hindi natin mababatid ang kalooban ng Diyos kung hindi natin talagang nais gawin ang Kanyang nais. Kung nakapinid din ang ating puso sa Diyos ay walang pagtalimang magaganap. Dapat din nating makilala ang Diyos. Baka tayo ay malinlang sa pag-aakalang ang Diyos ang kumakausap sa atin ngunit hindi pala.

Ito ay dahil hindi natin gamay ang tinig ng Diyos.

Ang ating puso rin ay dapat magkaroon ng ganitong mga katan-gian: (1) **mapagpakumbaba;** (2) **mapagmahal;** (3) **matapang.** Kapag tayo ay mapagpakumbaba ay isusuko natin ang sarili sa Diyos. Hindi natin ipipilit ang ating binabalak at ninanais. Mahalaga rin ang pag-ibig. “*Ang Diyos ay pag-ibig*” (1Juan 4:16b). Ang Kanyang pahatid ay nasa wika ng pag-ibig. Kaya kung hindi tayo mapagmahal ay hindi natin, kahit kailan, maku-kuha ang pahatid ng Diyos sa atin. Kailangan din namang tayo ay maging matapang. Kapag malinaw na ang kalooban ng Diyos ay dapat nating gawin ito kaagad, mahirap man ito.

Ipinabatid ng Diyos ang Kanyang kalooban sa atin sa pamamagitan ng ating mga nararamdaman habang tayo ay nananalangin. Dahil dito, kung hindi tayo madasalin ay hindi natin mababatid ang kalooban ng Diyos. Dapat din tayo maging tapat sa ating mga nararamdaman. Kapag ating itinatuwa ang ating nararamdaman ay hindi natin malalaman ang nais ng Diyos. Kapag ang ating nararamdaman ay mabigat, malungkot, at magulo, ang ibig sabihin nito ay hindi sumasang-ayon ang Diyos sa ating binabalak. Subalit kapag ang ating nararamdaman ay magaan, maligaya, at mapayapa ay ipinahahayag ng Di-

yos na sumasang-ayon Siya sa ating binabalak. “*Pagkalipag ng kidlat, narinig niya ang isang banayad na tinig. Lumabas si Elias, tinakpan ng balabal ang kanyang mukha, at naghintay sa bunganga ng yungib.*” (1Hari 19:12b-13a) Ang banayad na tinig ang sagisag ng kagaanan, kaligayahan, at kapayapaang nagpapahayag ng kalooban ng Diyos.

Pagsasabuhay: Dapat tayong masanay na maging tapat sa ating mga nararamdaman. Dapat din tayong maging tunay na madasalin. Dapat din nating pagnilayan araw-araw ang Salita ng Diyos upang makilala natin siya nang mabuti. Huwag din tayong magpapalampas ng isang araw na hindi nagpamalalas ng pag-ibig. Noong may ilang kabataang nag-iisip ng dapat nilang gawin sa buhay, ang sabi ni Don Bosco sa kanila ay: “*Sa buong taong ito ay magsikap kayong maging mapagmahal sa inyong mga kasama.*”

Pagdiriwang: Ama naming mapagmahal, isugo Mo sa amin ang Espiritu ng Iyong pag-ibig upang malaman namin ang Iyong balak para sa aming buhay. Palakasin Mo ang aming kalooban upang buong tapang naming matupad ang Iyong binabalak at nang makiisa kami kay Hesukristo sa pagtatatag ng Iyong Paghahari. Siya ay Iyong Anak na nabubuhay at naghahari magpasawalang hanggan. Amen!



WORD & LIFE
PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: Fr. B. Nolasco, J. Feliciano • Circulation: R. Saldua